# SANAYGURO

## National Training for SPA Teachers

ARTIST, Inc.
25 1987-2012

ARTIST-PARS Association, Inc.

SANAYGURO
National Training for SPA Teachers

The Official Newsletter of the SANAYGURO Workshop Vol. 25 Issue No. 1 5 June 2012

## SANAYGURO sa Baguio City

Inilunsad ng National Commission for Culture and the Arts (NCCA), sa pakikipagtulungan ng ARTIST-PARS Association, Inc., Arts Research and Training Institute in Southern Tagalog, Inc. (ARTIST, Inc.), Lusong Arts and Culture Network, Inc., Committee on Dramatic Arts (CDA) Network, at Department of Education (DepEd) ang SANAYGURO: National Training for SPA Teachers sa Carlos P. Romulo Hall, Teachers' Camp, Baguio City, June 4-8, 2012. Humigit kumulang na 200 mga guro mula sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas ang nagsidalo sa palihan.

Sa pagbubukas ng programa ay pinasimulan ng Dapayan ti Kultura iti Kordilyera (DKK) ang panalangin at patong—-isang katutubong sayaw ng mga taga-Kordilyera. Sinundan ito ng pambungad na pananalita ni Dr. Priscilla Macansantos, dating Chancellor ng University of the Philippines Baguio at kasalukuyang Chair ng Committee on Literature ng NCCA. Inilahad naman ni Edward Perez, Vice-Chair ng NCCA-CDA, ang layunin at daloy ng palihan matapos magsagawa ng expectation check sa mga kalahok. Sa ngalan ni NCCA Chair Felipe de Leon, Jr., nagsalita si Gardy Labad, NCCA-CDA Chair, ukol sa *Tunguhin at Perspektiba ng Sining sa Pilipinas*.

Pagsapit ng hapon ay nagkaroon ng malayang talakayan ukol sa *Sitwasyon ng Sining sa Lokal at Pambansa* sa pangunguna nina Dr. Macansantos at Felimon Blanco, kinatawan ng CDA sa Mindanao.

## Balik-tanaw...

Sa huling bahagi ng unang araw ng palihan ay hinati ang mga kalahok ayon sa disiplinang kanilang nais paghusayin. Ang mga guro ay nagkaroon ng demo teaching sa kani-kanilang mga grupo.

**Creative Writing** (Tagapagpadaloy: Dr. Priscilla Macansantos)

Iba't ibang istratehiya sa pagtuturo ang ipinakita ng mga guro. Mayroong nagbigay-laya sa mga mag-aaral na gumamit ng wika na kung saan mas maihahayag nila ng maayos ang kanilang mga saloobin. Ang iba naman ay gumamit ng paraan ng paghuhugot ng pagkilala ng mga mag-aaral sa kanilang sarili upang magkaroon ng emotional attachment sa kanilang mga akda. May mga gumamit ng textbooks at internet bilang sangkap sa kanilang pagtuturo.

**Dance** (Tagapagpadaloy: Peter de Vera)

Matapos ang teaching demo ng mga guro, pagbibigay puna at mungkahi upang mas mapagtibay pa ang kakayahan, nagkaroon ng eksperimento sa grupo: ang mga guro ay tinuruan ng isang taong walang pormal na pag-aaral sa pagtuturo ng Hip Hop Dance.

**Music** (Tagapagpadaloy: Joey Soliman at Arvin Villalon)


Naglatag ng mga plano ang grupo upang mas mapagyaman ang pagkatuto ng mga kalahok. Ilan sa mga ito ay ang pakikipag-ugnayan sa mga "craftsman", pagbisita sa UP Baguio upang tumingin ng mga instrumento sa musika, at pagtalakay sa katutubong sayaw at musika. Nagkaroon din ng talakayan ukol sa naganap na expectation check kung kaya't nawalan ng pagkakataon ang mga kalahok na magsagawa ng demo teaching. Sa halip, pinag-isip ang mga guro ng mga "regional songs" na nais nilang ibahagi o ituro sa kanilang mga mag-aaral.

**Theater Arts** (Tagapagpadaloy: Dr. Jazmin Llana, Gardy Labad, at Felimon Blanco)

Sinundan ang demo teaching ng talakayan ukol sa kasalukuyang problema ng SPA lalo na sa disiplina ng Teatro. Isa sa mga problemang nabanggit ay ang kawalan ng malinaw na kurikulum sa pagtuturo nito. Nagkaroon ng palitan ng mga ideya kung paano mas mapaghuhusay ang pagtuturo ng Teatro sa mga mag-aaral.

**Visual Arts** (Tagapagpadaloy: Nemi Miranda at Liza Ilagan)

Ibinahagi ng mga tagapagpadaloy sa mga gurong kalahok ang iba't ibang elemento ng sining biswal tulad ng hugis, linya, kulay, at espasyo para sa mas epektibong pagtuturo nito sa mga mag-aaral. Nagkaroon din ng bahaginan ukol sa mga paraang ginagamit sa pagtuturo ng nasabing sining. Kalimitan nang iniaangkop ang mga pagsasanay sa kakayahan at budget ng mga mag-aaral, at sa lokal na kultura ng lalawigan.



SANAYGURO
National Training for SPA Teachers

The Official Newsletter of the SANAYGURO Workshop Vol. 25 Issue No. 2 6 June 2012



# SANAYGURO: Day 2

Ikalawang araw ng SANAYGURO, namaalam na si Ambo, subalit paigting nang paigting, palalim nang palalim ang talakayan sa bawat grupo.

## Balik-tanaw...

**Creative Writing**

Sinimulan ang araw sa pagsulat ng tanaga na sinundan ng leksiyon ukol sa mga uri (*genre*) ng literature. Naging sentro ng talakayan ang mga elemento ng *fiction* at pagsulat ng tula. Tinalakay ang mga konsepto ng *plot*, *characterization*, *theme*, *setting*, *point of view*, *style*, atbp. Pinalalim din ang usapin ukol sa paghugot ng tema ng isang akda.

Nagkaroon ng maikling pagtatalo tungkol sa mga salitang ginagamit sa pagsusulat. Ayon kay Dr. Macansantos, hindi dapat sinasanay ang mga mag-aaral na gumamit ng mga 'magagandang' salita dahil magiging limitado sila sa mga ito. Sa halip, ang karanasan ang dapat magdikta sa mga manunulat kung ano ang gagamitin nilang mga salita at paraan sa pagsulat ng isang akda.

**Dance**

Upang mahasa ang pagiging malikhain ng mga kalahok at linangin ang kanilang kakayahan sa *improvisation*, inatasan ang mga guro na gumawa ng sayaw gamit ang *locomotive* at *non-locomotive* na mga galaw. Mula sa gawaing ito ay pinalitaw ang mga dapat isaalang-alang sa pagbubuo ng produksyon.

Bago matapos ang ikalawang araw sa palihan ng sayaw ay tinuruan ni Sir Ronnie Baldos (kalahok din sa palihan) ang ibang mga guro ng pagsayaw ng *ballroom*. Tatlong

pares ng mga kalahok ang gumawa ng kanilang sariling routine gamit ang mga simpleng galaw na naituro. Ang natirang mga guro ang nagsilbing mga hurado at pipili kung sino ang may pinakamahusay na sayaw.

**Film and Media Arts**

Minarapat ni Sir Dodos na magkaroon ng expecta-



tion check sa grupo upang mas magabayan ang mga kalahok. Napagalaman na ang lahat ay umaasang madagdagan ang kaalaman ukol sa paggamit ng camera at *computer software* tulad ng Photoshop at Audacity.

Ang mga kalahok ay binigyan ng mga pangunahing impormasyon sa pagkuha ng larawan tulad ng *lighting, framing*, at *depth*. Bukas inaasahan na ilalapat ng mga kalahok ang kanilang natutunan sa pamamagitan ng photo essay na kanilang naging takdang aralin.

**Music**

Binusog ang mga kalahok ng mga kaalaman at mga gawain ukol sa tamang paghinga, katutubong awit, damdamin ng musika, *chorale singing*, at *conducting*. Ang ilan sa mga dapat tandaan:

- Ang musika ay buhay.
- Ang musika ay isang paraan ng komunikasyon.
- Ang musika ay sumisimbolo sa personal at pangkulturang identidad.
- Ang musika ay tala ng kasaysayan.

**Theater Arts**

Naghanay ang mga tagapagdaloy ng mga paraan sa pagpapaunlad ng Teatro sa mga paaralan. Ayon sa inilatag ni Gardy Labad, ang SPA-Theater Arts ay kinakailangang maglaman ng mga sumusunod na paksa: paglikha, pagsusuri at kasaysayan ng dula, at estetikong panteatro.

Upang mapalalim ang pagkakaunawa at pagtanggap ng mga kalahok sa mga paksang nabanggit, nagkaroon ng mga pagsasanay sa paggawa ng tableaux, pagbubuo ng isang eksena at pagpapalabas nito sa kapwa kalahok. Dito ay lumitaw pa ang ilang ideya gaya ng *principles of artistic organization, elements of artistic expression*, at *elements of story/ drama*.

Tinalakay naman ni Dr. Jazmin Llana ang mga sumusunod: *performance studies, indigenous drama, Aristotle's poetics, theater as "western", anti-theater, cultural performance, representation*, at mga uri ng pagtatanghal.

Pagsapit ng hapon ay hinati ang grupo sa dalawa. Ang bawat grupo ay binigyan ng iskrip na kanilang ipapalabas: ***Eyeball*** ni Alfonso I. Dacanay na ididirehe ni Tanya Lopez, at ***Ang Alamat ng Lamok*** ni Severino Reyes na ididirehe naman ni Felimon Blanco.

**Visual Arts**



Gumawa ng color wheel at still life painting ang mga kalahok upang maging pamilyar sila sa elemento ng kulay. Kasabay nito ay tinuruan din sila ng tamang paggamit ng oil pastel upang makuha ang detalye ng modelo. Pagkatapos nito ay nag-umpisa na ang pagpapakitang gawa ng lima sa mga kalahok. Kasama sa mga tinalakay ay ang pagpinta gamit ang mga alternatibong paraan gaya ng *natural pigment, print making*, paggawa ng plastic na anthurium, *paper cutting*, at origami. Bilang pagtatapos ay gumawa sila ng paint-blot painting.

**PAALALA:**

1. **Mangyaring tiyakin na nailalagay ang inyong pangalan sa talaan.**
2. **Mangyaring tiyakin ang pagdalo sa tamang oras.**
3. **Panatilihing malinis ang ating kapaligiran.**

SANAYGURO
National Training for SPA Teachers
The Official Newsletter of the SANAYGURO Workshop Vol. 25 Issue No. 3 7 June 2012

# SANAYGURO: Day 3

**Creative Writing**

Isang aktibidad ang isinagawa ng mga gurong kalahok kung saan ang bawat isa ay magdudugtong ng isang pangungusap sa nauna nang nagsulat hanggang sa sila'y makabuo ng kwento. Mula sa gawaing ito ay nagkaroon ng diskusyon sa pagitan ng mga kalahok at ng tagapagpadaloy ukol sa proseso ng pagsusulat at pagbuo ng maikling kwento.



Naging paksa naman sa hapon ang mga paraan ng pag-unawa ng mga tula. Isa na rito ang teknik na ginagamit sa teatro tulad ng vocalization. Kaugnay nito ay ipinamalas ang kahalagahan ng pagtaas, pagbaba, paglakas, at paghina ng boses sa pagbigkas ng tula.

Iniwanan ang isang gawain sa mga kalahok na kanilang ilalahad sa susunod na araw. Ipinabaon sa kanila ang tungkulin na gumawa ng matrix para sa kursong Creative Writing. Pinayuhan ang lahat na magkaroon ng matibay at malinaw na tunguhin ang nilalaman ng isusumiteng matrix.

**Dance**

Ginugol ang araw sa exposure trip sa Saint Louis University (SLU), Baguio City. Unang binisita ng mga kalahok ang Museum of Culture and the Arts. Dito ay natutunan ng mga kalahok ang paggamit ng iba't ibang instrumento ng Cordillera Autonomous Region (CAR). Nagkaroon ng maikling talakayan.

Bandang hapon ay tumungo ang mga kalahok sa rehearsal room ng SLU para maghanda sa pagsasayaw ng ballet. Matapos maituro sa mga kalahok ang lahat ng basics ay binigyan sila ng pagkakataon na bumuo ng grupo, gumawa ng sariling choreography ng isang contemporary dance, at magtanghal sa entablado ng SLU.

**Film and Media Arts**

Tulad ng inaasahan, naipamalas ng mga kalahok ang kanilang natutunan sa pamamagitan ng photo essay. Ang kanilang mga larawan ay nagpakita ng mga detalye tulad ng *color*, *depth*, at *symmetry*. Karamihan din sa mga larawan ay naging matagumpay sa paghatak ng atensyon ng tumitingin sa mga ito. Upang mas mapaghusay pa ang pagkuha ng larawan, pangunahing suhestyon ni Sir Dodos ay mag-eksperimento pa ang mga kalahok sa tema na nakapaloob sa mga larawan.

Idinagdag din ng tagapagdaloy na mahalagang bigyang halaga ng mga kalahok ang mas malalim na kahulugang nais iparating sa mga tao sa pamamagitan ng paghahanda ng storyboard. Inaasahan na mailapat ng mga kalahok ang natutunan sa gagawing dokumentaryo o maikling pelikula kinabukasan.

**Music**

Nag-umpisa ang araw sa palihan ng musika sa pamamagitan ng bagong ehersisyo para sa tamang paghinga, paggising sa katawan, paghahanda ng boses, at mga pagsasanay na pang-ritmo. Itinuro rin ng tagapagpadaloy ang healing song na "Peace Prayer". Bago magtapos ang umaga ay nagsagawa muli ang tagapagpadaloy ng choral singing at inawit nila ang katutubong kanta na "Atin Cu Pung Singsing".

Kinahapunan ay nagkaroon ng pagkakataon ang mga kalahok na kilalanin at gamitin ang mga katutubong instrumento. Ang ilan nga sa mga ito ay ang sumusunod: "gangsa" (isang flat gong na pinapatugtog gamit ang isang patpat), "bungkaka", "tungatong", at "patanggok". Nagpamalas din ng isang katutubong sayaw sa saliw ng "tambi". Samantala, tinuruan rin ni Epol, Assistant Facilitator, ang mga kalahok kung paano tumugtog ng "kulintang".




Ginabayan ang mga kalahok sa pagtatanghal ng "Balambang", isang piyesa mula sa Mt. Province gamit ang mga gong. Sinabayan ito ng katutubong sayaw sa pangnguna rin ng mga tagapagpadaloy. Napagtanto ng mga kalahok na ang katutubong piyesa ay may kumplikadong tunog na sinasabayan rin ng sayaw. Kung paghahambingin ang tunog ng katutubong musika sa kanluraning musika ay masasabing mas mahirap sabayan ang nauna dahil sa masalimuot nitong ritmo at "beat".

**Theater Arts**

Sinimulan ang araw sa pagtuturo ni Sir Mon ng iba't ibang uri ng pagsasanay sa mga galaw na maaari nilang magamit sa kanilang pagtuturo. Ang mga galaw na itinuro ay mula sa iba't ibang bansa sa Asya gaya ng Japan, India, at Indonesia.

Nagkaroon din ng mga atibidad na nakatutok sa character work. Sa unang aktibidad ay natalakay ang body center. Dito ay nalaman ng mga kalahok na ang body center ng isang tao ay nakadepende kanyang ginagampanan. Ang mga kalahok ay gumanap ng iba't ibang karakter upang



makita nila ang iba't ibang body center. Pagkatapos ay ginamit ng mga kalahok ang mga karakter sa una nilang aktibidad upang gumawa ng isang eksena. Tinalakay din ang iba't ibang uri ng instruktura ng tunggalian.

Kinahapunan ay nanood ang grupo ng video ng isang dula na pinamagatang "Ang Kagila-gilalas na Buhay ni Lam-ang" mula sa Tanghalang SLU (Saint Louis University) na pinamumunuan ni Dan Rommel Riopay. Nagkaroon din ng talakayan ukol sa proseso ng pagbubuo ng isang dula.

Sa pagtatapos ng araw ay hinati sa ilang grupo at binigyan ng mga panuto ang mga kalahok para sa kanilang magiging demo teaching kinabukasan.

**Visual Arts**

Tinuruan ang mga kalahok na gumawa ng portrait painting. Kaugnay nito ay ipinaalala ang kahalagahan ng kulay. Pagkatapos ay pumunta ang grupo sa BenCab Museum para makita ang iba't-ibang klase ng Visual Art. Doon nagkaroon sila ng pagkakataon na makasalamuha at makitang gumuhit ang naturang National Artist. Dumaan din ang mga kalahok sa isang pabrika ng mga nililok na kahoy.

